Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Baliwag

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

ULAT AT REKOMENDASYON NG LUPON NG GAMIT LUPA BLG. 18-TAONG 2026

Paksa: ***Kahilingan ni G. Richard Barria na mareclassify ang lote mula agrikultural na gagawing komersiyal/residensiyal may TCT No. 039-2022011943 Lot No. 6 may sukat na 2,129 sq. meters sa Brgy. Tarcan, Baliwag City, Bulacan.***

PETSA NG PAGPUPULONG: **Marso 16, 2026**
PETSA NG PAG-UULAT: **Hulyo 27, 2026**

ULAT:

Ang Lupon ng Gamit Lupa ng Sangguniang Panlungsod ay nagdaos ng pagpupulong noong Marso 16, 2026 sa ganap na ika-11:00 ng umaga. Dumalo ang Tagapangulo ng Lupon ng Gamit Lupa, Kas. Antonio S. Patawaran at mga Kasapi. Dumalo ang may-ari ng lupa, na si G. Richard Barria. Nagsimula ang pagpupulong sa pagbati ng Tagapangulo, Kas. Antonio S. Patawaran at mga kasapi sa mga panauhin. Binasa ang paksang tinalakay tungkol sa ***Kahilingan ni G. Richard Barria na mareclassify ang lote mula agrikultural na gagawing komersiyal/residensiyal may TCT No. 039-2022011943 Lot No. 6 may sukat na 2,129 sq. meters Lot No. 6 sa Brgy. Tarcan, Baliwag City, Bulacan.***

Nagpahayag ang Tagapangulo, Kas. Antonio S. Patawaran na bukas ang hapag para sa mga katanungan at nagpasimulang nagpahayag na may kahilingan ang may-ari na si G. Richard Barria na mareclassify ang lote mula agrikultural na gagawing komersiyal/residensiyal may sukat na 2,129 sq. meters sa Brgy. Tarcan, Baliwag City, Bulacan. Ang pagrereclassify ng lote ay pinapayagan ng Sangguniang Panlungsod sapagkat ito ay nakabatay sa Seksiyon 20, ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan o ang Local Government Code (R.A. 7160).

Nakapagsumite na ng mga kaukulang dokumento ang may-ari ng lupa sa Secretariat katulad ng mga sumusunod: Letter of Intent, Certified True Copy of Title may OCT/TCT No. 039-2022011943, Lot No. 6 may *sukat na 2,129 sq. meters*, Tax Declaration of Real Property, Barangay Resolution no. 05, Series of 2026 mula sa Brgy. Tarcan at iba pa. Muling nagtanong ang Tagapangulo, Kas. Antonio S. Patawaran kung anong gagawin sa iri-reclass na lupa na ito? Tumugon si G. Richard Barria na ito ay malapit sa Coffee Bean at binabalak pagtayuan ng apartment. Ayon sa Tagapangulo, Kas. Antonio S. Patawaran na bagamat kumpleto ang dokumento, ang problema may moratorium ang Department of Agriculture na pansamantalang sinususpinde ang paga-apruba ng reclassification ng lupa hanggang sa Hunyo subalit ang pagri-rezoning ay pinapayagan, maghihintay pa tayo sa Hunyo ng

pag-lift ng order ng Department of Agriculture na wala munang reclassification, pero lahat ng naga-apply ay dinirinig namin at isi-shift ng Second Reading, kapag nag-let go na ang DA isi-second reading at iti-third reading ng sabay-sabay, atleast nakaabang na lahat. Nagtanong si G. Barria kung bakit iri-reclass ay nasa tabing highway naman nagkataon na nuong binili nila ay agriculture pa? Tumugon ang Tagapangulo, na niri-require lahat ng agriculture land bago galawin ay niri-reclass muna, pinapayagan lang nila ngayon iyong nareclassify na lilipat sa ibang gamit, halimbawa nareclassify siya na residensiyal na gagawing komersiyal/industriyal iyon pinapayagan dahil nareclassify na bale rezoning na lang iyon pero ang pagpapahinto ang dahilan daw para sa full security na baka ito ay irrigated o pinagkukuhanan pa ng palay, kaya naghihintay pa ang DA ng bagong Memorandum ng Presidente.

Nang wala ng mahalaga pang pag-uusapan ay iminungkahi ni Kas. Marie Nelle S. Imperial at pinangalawahan ng lahat ng dumalong Kasangguni na pagtibayin. Itinindig ang pagpupulong sa ganap na ika-11:30 ng umaga.

REKOMENDASYON:

Ang naging rekomendasyon ng Lupon na nag-aral ay dalhin sa plenaryo at doon pagtibayin ang ***"ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGRERECLASSIFY SA LOTE MULA AGRIKULTURAL NA GAGAWING KOMERSIYAL/RESIDENSIYAL NA PAG-AARI NG MAG-ASAWANG G. RICHARD BARRIA AT GNG. NATALIE M. BARRIA MAY TCT NO. 039-2022011943 LOT NO. 6 MAY SUKAT NA 2,129 SQ. METERS MATATAGPUAN SA BRGY. TARCAN, BALIWAG CITY, BULACAN.***

-oOo-

ANTONIO S. PATAWARAN
Tagapangulo, Lupon ng Gamit Lupa

JOSE NOEL S. PASCUAL
Ka-Tagapangulo, Lupon ng Gamit Lupa

RODRIGO E. BALTAZAR
Kasapi

KARLO KENNETH M. CRUZ
Kasapi

MARIE NELLE S. IMPERIAL
Kasapi

KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. ____
TAONG 2026

ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGRERECLASSIFY SA LOTE MULA AGRIKULTURAL NA GAGAWING KOMERSIYAL/RESIDENSIYAL NA PAG-AARI NG MAG-ASAWANG G. RICHARD BARRIA AT GNG. NATALIE M. BARRIA MAY TCT NO. 039-2022011943 LOT NO. 6 MAY SUKAT NA 2,129 SQ. METERS MATATAGPUAN SA BRGY. TARCAN, BALIWAG CITY, BULACAN.

SAPAGKAT, ang isa sa may-ari ng nasabing property na si G. Richard Barria ay may kahilingan na mareclassify ang loteng nabanggit sa itaas;

SAPAGKAT, ang nasabing lupa ay mas higit na magkakaroon ng pakinabang kung ito ay gagawing Komersiyal/Residensiyal kaysa manatiling Agrikultural;

SAPAGKAT, ang nasabing lupa ay nakaayon sa Comprehensive Land Use Plan (CLUP) and Zoning Regulations ng Pamahalaang Lungsod ng Baliwag;

SAPAGKAT, ang nasabing lupa ay makakatulong sa barangay at mga mamamayan upang magkaroon ng hanap-buhay.

Kung kaya't sa **MUNGKAHI** ni Kon. Antonio S. Patawaran at pinangalawahan ng lahat.

IPINASIYA, gaya ng dito'y ipinasisiya ang pagpapatibay ng **ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGRERECLASSIFY SA LOTE MULA AGRIKULTURAL NA GAGAWING KOMERSIYAL/RESIDENSIYAL NA PAG-AARI NG MAG-ASAWANG G. RICHARD BARRIA AT GNG. NATALIE M. BARRIA MAY TCT NO. 039-2022011943 LOT NO. 6 MAY SUKAT NA 2,129 SQ. METERS MATATAGPUAN SA BRGY. TARCAN, BALIWAG CITY, BULACAN.**

IPINASIYA, pa rin na padalhan ng sipi ng Kautusang Panlungsod na ito ang lahat ng pinuno o tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY.

IGG. ANTONIO S. PATAWARAN
May akda